# Doctrinal Mastery: Assessment 1—Gabay sa Pag-aaral

**1 NEPHI 3:7 HANGGANG MOSIAS 18:8–10**

## Isaulo ang reference at mahalagang parirala ng banal na kasulatan

Maging pamilyar sa mga doctrinal mastery scripture reference at mahahalagang parirala ng banal na kasulatan. Maaari mong i-download at gamitin ang Doctrinal Mastery mobile app upang matulungan kang magrebyu.

| Scripture Reference | Mahalagang Parirala ng Banal na Kasulatan |
|---|---|
| 1 Nephi 3:7 | "Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon." |
| 2 Nephi 2:25 | "Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon; at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan." |
| 2 Nephi 2:27 | "Sila ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan . . . o . . . pagkabihag at kamatayan." |
| 2 Nephi 26:33 | "Pantay-pantay ang lahat sa Diyos." |
| 2 Nephi 28:30 | "Magbibigay [ang Diyos] sa mga anak ng tao ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin." |
| 2 Nephi 32:3 | "Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin." |
| 2 Nephi 32:8–9 | "Kinakailangan kayong laging manalangin." |
| Mosias 2:17 | "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos." |
| Mosias 2:41 | "[Ang] mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos . . . ay pinagpala sa lahat ng bagay." |
| Mosias 3:19 | "Hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon." |
| Mosias 4:9 | "Maniwala sa Diyos; . . . maniwala na taglay niya ang lahat ng karunungan." |
| Mosias 18:8–10 | "[Mag]pabinyag sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi . . . na kayo ay nakikipagtipan sa kanya." |

## Gamitin ang doktrina sa mga sitwasyon sa tunay na buhay

- Gumamit ng isa o mahigit pang doctrinal mastery scripture passage upang tulungan ang isang taong humihingi ng payo sa paggawa ng mahahalagang desisyon sa kanyang buhay.

- Pumili ng isa o mahigit pang talata para tulungan ang isang tao na nahihirapang sundin ang mga kautusan ng Diyos dahil sa kanilang sitwasyon.

- Pumili ng alinman sa mga doctrinal mastery passage at mag-isip ng isang sitwasyon kung saan ang mga katotohanang itinuro sa passage na iyan ay makatutulong sa isang teenager sa kanyang buhay. Kung maaari, mag-isip ng mga tunay na sitwasyon na alam mo o naranasan mo na mismo.

- Maging handang ibahagi kung alin sa mga doctrinal mastery passage ang lubos na nakaimpluwensya sa iyo. Ano ang itinuturo sa iyo ng scripture passage na ito tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?

## Mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman

Rebyuhin ang talata 5–12 sa bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" ng *Doctrinal Mastery Core Document* (2023). Pag-isipan kung paano mo magagamit ang mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman para tulungan ang isang tao na madaig ang isang hamon o alalahanin na kinakaharap niya.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_521-teacher_handout-1